# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ABRIL 11, 2022, LUNES, IKA-10:30 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 5/3/22 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECEIVED By: Date: 13 MAY 2022 Santa Cruz, Laguna

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 263-T2022**

**KAPASIYAHANG PINAHIHINTULUTAN ANG KAHILINGAN NG KGG. PUNONG BAYAN EDGAR S. SAN LUIS NA MAPALAWIG ANG BAYARAN NG LISENSYA AT PERMISO SA PAGNENEGOSYO AT ANG PAGKUHA NG PRANGKISA NANG WALANG REKARGO O PENALTY HANGGANG IKA-31 NG MAYO, 2022 UPANG MABIGYAN NG SAPAT NA PANAHON NA MAKAIPON AT MAKABAYAD ANG MGA KABABAYAN DULOT NG PANDEMYA.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan Kgg. Punong Bayan Edgar S. San Luis sa sangguniang ito na mapalawig ang bayaran ng lisensya at permiso sa pagnenegosyo at pagkuha ng prangkisa ng walang rekargo o penalty hanggang Mayo 31, 2022 para mabigyan ng pagkakataon na makaipon at makabayad dahil sa epekto ng pandemya (Covid-19);

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay kailangang mapagtibay para sa pangkalahatang kapakanan ay iniliwat sa Lupon sa Kautusan at Batas, Lupon sa Pangkabuhayan, Pangangalakal at Industriya at Lupon sa Transportasyon at Komunikasyon para sa pag-aaral at pagsusuri.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban (Tagapamuno ng Lupon sa Transportasyon at Komunikasyon), na pinangalawahan nina Kgg. Patrocinia S. Kalaw, Kgg. Efren L. Diaz at Kgg. Mark Anthony P. Joven at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pahintulutan ang Kahilingan ng Kgg. Punong Bayan Edgar S. San Luis na mapalawig ang Bayaran ng Lisensya at Permiso sa Pagnenegosyo at ang Pagkuha ng Prangkisa nang walang rekargo o Penalty hanggang ika-31 ng Mayo, 2022 upang mabigyan ng sapat na panahon na makaipon at makabayad ang mga kababayan dulot ng Pandemya.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Lisensya at Permiso sa Pagnenegosyo, Pambayang Inhinyero, Tagapamahala ng Pamilihang Bayan at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Abril 11, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
05-02-22